

## ANG ANTROPOLOHIYA AT ANG TEKNOLOHIYA: SA PANANAW NG IKATLONG DAIGDIG

### Ang Pananaliksik sa Musikang Etniko

Marialita Tamano-Yraola

Sa mga bansa ng Ikatlong Daigdig na kabilang ang Pilipinas, ano ang katuturan ng antropolohiya? Ano ang katuturan ng teknolohiya? Ano ang ugnayan ng dalawang sangay na ito ng agham? At ano ang kahulugan ng antropolohiya at teknolohiya sa larangan ng pananaliksik sa musikang etniko? Ang mga ito ang mga katanungang maaaninag sa pangulong paksa ng ating pagpupulong.

Liwanagin muna natin kung ano ang pananaliksik sa musikang etniko. Batayan sa anumang ihahanay kong mga ulat at tala ang aming mga karanasan sa Kagawaran ng Pananaliksik sa Musika, Kolehiyo ng Musika, U.P. na pinamamatnugutan ni Dr. Jose Maceda sa loob ng humigit-kumulang sa tatlumpong taon at nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan. Naglalayon ang pananaliksik sa Kagawarang sinupin ang mga musika kultural ng mga grupong bahagya lamang nabahiran ng kanluraning kalinangan, mula sa mga tugtugin at mga awiting mairerekord sa *tapes* hanggang sa tala buhat sa mga *informants* at mga kuhang larawan — *black & white* o *colored stills* o *slides*, at kamakailan ay ang 8 at 16 mm. *films*. Pagkatapos sinupin, pag-aaralan ang mga ito ayon sa kanilang mga kabagayan sa lipunang kinatagpuan sa mga katangiang pangmusika tulad ng istilo, eskala, pagtotono; at sa mga ugnayan ng taal na katangian ng musikang etniko at sa daigdig ng musika lalo na sa musika ng Timog-silangang Asya.

Aming sinisimulan ang pananaliksik ng musikang etniko sa pag-alam sa mga nalimbag na tala ukol sa grupong patutunguhan at sa pakikipagtalastasan sa mga tao o institusyong maaaring makatulong sa paroroonang grupo. Manirahan, makikisalamuha, makiki-ugali at magmamasid sa loob ng isang buwan, tatlo o higit pa, sa bawat grupong napagtutuunan ng pansin. At sa maikling panahong nabanggit irekord sa *tapes* ang mga tugtugin at awitin, dasal, bulong, ritwal (kung sakaling mapalad ang mananaliksik na matungo ng may ganitong pagkakataon); kakapanayamin di lamang ang mang-aawit o manunugtog, kundi ang ibang matatagpuang mga taong may kaalaman sa kanilang pamumuhay at kabuhayan; gayundin ang pagliliwanag ng mga kaukulan (*functions*), kahalagahan at pananaw sa kanilang musika

nairekord o di man; at kasama na rito ang pagsulat at pagsasalin ng mga musikang pantinig. Ang mga paraan ng pagtugtog at paggawa ng instrumento, ang pagkilos habang umaawit, ang pagsayaw; ang pagsasakatuparan ng isang ritwal — paghahanda, mga gamit sa mga handa, galaw ng baylan o mambunong; ang reaksiyon ng manunood; ang kapaligirang materyal ay sinusubaybayan at pawang kinukunan ng larawan bilang suhay sa mga darating na mga pag-aaral.

Magpapatuloy ang pagsasaliksik pagkabalik buhat sa mga grupong dinalaw. Sa Pamantasan, matapos ilagak ang mga *tapes*, larawan at tala ayon sa nabuo na rin naming paraan ng pagsisinop, sisimulan ang mga pag-aaral at pagsusuri. Ang klasipikasyon ng musika at ang puspasang paglalarawan (*detailed description*) ay nababatay lamang sa kalubusan ng nagawang pagsasaliksik sa larangan. Mayroong buod lamang ng mga awit, mayroon namang nagawang sulatin (*transcription*) ang bawat tunog at naisalin maging yaong mga talinhaga sa awit; mayroon ding nagsanota ng mga musika — maging ito ay balangkas ng ritmo o himig.

Isa sa adhikain ng Kagawaran ang pagpapalaganap ng kaalaman ukol sa musikang etniko. Di kaila sa atin na ang ating natatamong karunungan ukol sa sariling musikang ito sa loob at labas ng paaralan ay halos wala. At bilang tugon sa adhikaing ito na di lamang ang akademya ng *higher education* ang maabot ng bunga ng pananaliksik ng Kagawaran, naglimbag kami ng *journal* at LP's sa wikang pambansa na ipinamamahagi sa kapuluan. Ang pagpapatuloy nga lamang ng paglilimbag at pamamahagi ay ayon sa kakayahang pananalapi ng Pamantasan.

Sa maikling paglilinaw kung ano ang pananaliksik sa musikang etniko, isang katanungan ang lumulutang sa kaisipan ng nakikinig o bumabasa: "Ang pananaliksik ba sa musikang etniko ay biktima o *benefactor* ng teknolohiya?"

Aayon lamang sa punto de bistang paninindigan ng sinumang mananalakay ang bigat ng timbangan. Mahalaga lamang ang teknolohiya dahil sa tuwirang paggamit nito sa pagsasakatuparan ng mga layunin ng pananaliksik sa musikang etniko. Tingnan natin.

Sa pananaliksik ng musikang etniko, mahalaga ang antropolohiya. Ang pamamaraan (*methodology*) nito - - pagtungo sa *field*, pakiki-ugali-at-pagmamamid, *interviews*, paggamit ng *informants* — ang mga kasangkapan sa pagtitipon ng mga tala. At madalas ngang sa paghahanap ng katumpakan ng mga ulat ang unang sinusuri ay ang ginamit na pamamaraang antropolohiya. Ang pag-aaral ng mga ulat bilang isang elemento ng lipunan ay sumusunod sa tradisyon ng etnomusikolohiyang Amerikano, samantalang yaong batay sa musika *per se* ay tumutunton sa tradisyong Europeyo. Sa tradisyong Amerikano ang antropologong si Franz Boas ang nagmulat ng

kahalagahan ng pag-aaral ng musika bilang bahagi ng kultura, at ang mga balangkas sa pagsusuri (*theoretical framework*) nina Malinowski, Radcliff-Brown, at maging ni Levi-Strauss, atbp. na sa kabila ng mga puna, ay di iilang ulit na ginamit sa paghahanay ng ulat. Sa tradisyong Europeo naman, si John Ellis, isang matematiko at pilologong British ang nagsimula ng isang paraan sa pagsasagisang ng mga pagitan (*intervals*) ng *pitches* para sa di-Kanluraning musika, at ng kaisipang ang eskala at paraan ng pagtotcno ng musika ay iisa - na mayroon pang ibang mga sistemang binuo sa pamamagitan ng prinsipyong kaiba kaysa ginagamit ng Kanluran at tinatanggap na normal at lohikal ng sanay na taynga.

Kung ang antropolohiya ay mahalagang gamit ng pananaliksik sa musika, ganoon rin kaya ang teknolohiya? Sa simula pa lamang ng pagsasaliksik, pangunahing pangangailangan na ang bunga ng teknolohiya — di ba't teknolohiya ang mga aklatan at nalimbag na mga tala, gayundin ang sistema ng patalastasan — telekomunikasyon at koreo? Pinadali ng mga makabagong kable ang pakikipagtalastasan sa mga taong patutunguhan gayundin sa *homebase*. Pinalapit ang distansya ng bawat lugal ng modernong transportasyon. Maging ang pinakaliblib na pook na di kayang abutin sa paglalakad lamang ay saglit kung may helikopter.

Habang nasa *field*, walang humpay sa pagsisilbi ang *tape-recorder* at kamera kasama ang kani-kaniyang mga aksesorya. Ang kalidad ng mga tunog na nairekord ay higit na mataas ang uri ngayon dahil sa pagsulong ng industriya at paggawa ng mga *recorders*. Sa pagkatuklas ng battery-operated equipments ang *recorders* na may *high fidelity*, *stereophonic* o may iba't ibang *sound tracks* sa iisang *recorder* lamang - may puwang pa kaya ang dating di-halos marinig at maunawaang tunog sa ganitong mga kagamitan? Ang mga kuhanang larawan ay nagpadali sa mahahabang oras sana ng pagsusulat ng mga detalyadong paglalarawang karaniwang may nakakaligtaan, lalo pa nga't nag-iisa ang *fieldworker*. Higit pa sa rito ang paggamit ng 8 mm o 16 mm *sound films* at *VTR* ay nagpahintulot na *ma-capture* ang kilos at galaw ng musiko at maging ang *dynamism* ng isang *musical performance*.

Ang pagsasanota ng musika ay isa pang mahalagang bahagi sa pagsusuri ng taal na katangian ng isang musika. Di ba't ang notasyon ay isang teknolohiya? Sa Europa, nagsimula na ito noon pang ika-18 siglo para sa mga kanluraning musika nga lamang. Ang *pitchpipe* at *monochord* (pansulat ng mga instrumentong pangmusika) ang kadalasang ginagamit, maging hanggang sa dumating ang *strobeconn*, *sonograph* at *melograph*.

Matapos pag-aralan at suriin o bago pa man gamitin ang mga *field data*, sinisinop ang mga ito hanggang sa makabuo ng isang arkibo. Ang salansan ng mga *tapes* ay kailangan ng lamig ng *aircon*, upang maiwasan ang mabilis ng pagkukulubot nito bunga ng singaw ng init ng panahon, lalo pa nga't

di pa nagagawaan ng *dubbing*. Ang mga *equipments* naman ay gayundin. May inilalagay na *heater* sa loob ng *storage cabinet* ng mga *equipments* para di magkaroon ng *fungi* ang mga ito tulad ng mga lente ng kamera. Ang mga nakolektang mga instrumento- - kawayan, kahoy o metal- ay ipenepreserba ng iba't ibang uri ng gamot. Di ba ang mga kagamitang ito ay bahagi ng makabagong teknolohiya? .

Kung nasulat na ang pagsusuri at naising ipalaganap ang mga kaisipan at pananaw buhat sa isinaayos na mga tala, di ba't teknolohiya pa rin ang kaagapay- - makinilya at limbagan. Maging ito ay sa papel o sa plaka o *audio-visual*, mga makinaryang bunga ng pagsulong ng teknolohiya ang ginagamit ng walang pasubali.

Para sa mga musikang sumusubaybay ng mga bagong kaalaman ukol sa musikang etniko, at lalo pa sa mga nagkaroon ng tuwirang karanasan ukol dito- - tulad nina Dr. Maceda, Dr. Ramon Santos, Dr. Lucrecia Kasilag, de Leon, dela Pena, Baes at Toledo- - sa kanilang mga komposisyon ay nagkaroon ng puwang ang musikang etniko. Una, sa paggamit ng mga instrumentong etniko, at di naglaon ay pati na mga kaisipang napulot sa mga pagsusuri ng musikang etniko tulad ng *dominance* ng ritmo, paggamit ng hugong (*drone*) o tuloy-tuloy o paulit-ulit na mga tunog, ang mga manunugtog na kahalubilo ng mga nakikinig, ang pagtatanghal sa labas ng mga bulwagan, atbp. At sa mga *avant-garde* nilang mga komposisyon, di iilang ulit na naging bahagi ang teknolohiya. Halimbawa ang *Cassettes* 100 at Ugnayan ni Dr. Maceda ay ginamit ang mga *cassette recorders* at mga istasyon ng radyo bilang instrumentong pangmusika, gayundin ang Likas-an ni Dr. Santos na *synthesizer* at *floodlights* naman ang ginamit.

Samakatuwid sa pananaliksik ng musikang etniko ang paggamit ng mga bunga ng teknolohiya ay di maitatatwa. Kung gayon, ito ang mga positibong epekto ng teknolohiya- - ang panahon ng pananaliksik ay pinaiksi ng kanyang sistema ng komunikasyon, ang pook-saliksikan ay naging *accessible*, at ang kalidad (*quality*) at kantidad (*quantity*) ng mga ulat ay naragdagan patungo sa malawak na pag-unawa ng musikang etniko.

Sa kabilang dako, walang saga na iisa ang kulay, ang pula at itim ay laging matatagpuan sa magkabilang dulo nito. Kung gayon, ano naman ang mga kasalungat ng mga inihanay na positibong aspekto ng teknolohiya sa pananaliksik ng musikang etniko, lalo na sa isang bansang tulad natin?

Ang mga kasangkapang kailangan sa isang pagsasaliksik ay dapat *available* sa *researchers*. Ibig sabihin, ang malaking suliranin ay ang pagkakaroon ng sapat na pananalapi upang ang mga kagamitang binanggit sa unahan ay mabili at pakinabangan. Hanggang saan ang ating kakayahan sa ganitong pangangailangan?

Ipagpalagay na nating natugunan ang pagkakaroon ng mga *equipment*

na ito, ilan sa ating mga mananaliksik, lalo na yaong baguhan, ang makapag-sasabing mayroong sapat na kaalaman sa pag-*operate* ng mga kasangkapang ito. Tila yata, marami pa ang mga daliri ng kamay kung sila ay bibilangin.

Mabilis ang pagsulong ng teknolohiya, madalas na mawala sa uso ang isang modelo ng kasangkapan bagama't iisa ang kompanyang gumagawa. Ano ang gagawin sa mga kasangkapang umaabot ng mahabang panahon ng paggamit bago masira? Ipapaayos, pero paano kung hindi na magawaan ng paraan ng *technician*? Nakatitiyak kayang sa mga bagong modelo ay maririnig ng maayos ang mga tunog sa *tape* na nairekord sa lumang modelo?

Ang pagsasaplaka at paglilimbag ng musikang etniko ay mahalaga upang ikalat ang kaalaman ukol sa taal na musika, nguni't ito ay di kasing-*profitable* ng mga awitin at tugtuging popular o ng mga babasahin ukol sa mga artista. Sino sa ngayon ang maglalakas-loob na bumalik at pamumuhunan dito?

Kung ikaw ay isang mananaliksik o mag-aaral, matapos mong ipalimbag ang mga tala buhat sa mga grupong etniko at kilalanin ka sa iyong propesyon, o dili kaya'y nakamit na ang pinakamimithing titulo, ano naman ang kapalit nito para sa mga taong tumulong at tumangkilik sa iyo? Sapat na ba ang *acknowledgment* sa mga pahinang nalimbag, na karaniwa'y di nila natutuhayan at matunghayan man ay walang katuturan sa kanilang kultura?

Kung gayon, kumuha ka ng sandakot na saga, isabog sa ating harapan at pagkatapos ay sagutin mo kami: "Alin sa dalawang kulay nito ang higit na matingkad?"